Pangalan: ___________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:__________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagsulat ng Buod ng Piling Tagpo

**I. Panuto:** Isaayos ang wastong pagkakasunod-sunod ng piling tagpo sa maikling kuwentong "Ang Ambahan ni Ambo" sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 hanggang 5.

___ 1. Natuklasan nila ang mga pinagdaraanan ng mga katutubo at ito ay lumusaw sa kanilang mga puso.

___ 2. Bumalik ng Pilipinas sina Pete at Tet kasama ang dalawang anak na sina Jack at Anne, naisipan ng mag-asawa na bumalik sa Mindoro upang dalawin ang kaibigan nilang Mangyan.

___ 3. Maraming kamag-anak at kaibigan ang tutol sa pamamalagi nila sa Pilipinas para lamang magbigay ng libreng serbisyo.

___ 4. Labis na ikinatuwa ng mga katutubo ang pagdating nila sa nayon ng Pinagkamalayan, naggamot nang libre si Pete at nagtuturo naman si Tet ng pagbasa at pagsulat.

___ 5. Subalit buo na ang kanilang pasya na manilbihan sa bayan.

**II. Panuto:** Ang kuwentong "Ang Ambahan ni Ambo" ay kasasalaminan ng isang suliraning panlipunan na dapat mabigyan ng atensiyon ng pamahalaan. Bilang kabataan, mayroon kang magagawang solusyon sa isyung ito. Gamitin ang husay mo sa teknolohiya, sundin ang sumusunod na panuto:

1. Iguhit ang kabuoang mensahe ng maikling kuwento.

2. Dapat na ang layunin ng pagguhit ay maghatid ng kamalayang panlipunang pupukaw sa atensiyon ng mga mamamayan at pamahalaan sa tunay na kalagayan ng mga katutubong Mangyan.

3. Iguhit ito sa loob ng kahon.

4. Gamiting gabay ang pamantayan sa ibaba.

| 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|
| Malikhain ang nabuong larawan at tuwiran itong naghahatid ng kamalayan sa mga mamamayan patungkol sa isyu. | Hindi gaanong malikhain ang nabuong larawan ngunit nakapaghatid naman ito ng sapat na mensahe ukol sa isyu. | Hindi malikhain ang nabuong larawan at hindi rin ito gaanong nakapagbigay ng sapat na mensahe upang maiparating ang nais. |